Pag-unawa sa Resulta ng Iyong Pagsusuri para sa Hepatitis B*

Tatlong pagsusuri ang kasama sa panel na Hepatitis B para sa pagsusuri ng dugo. Alam dapat ang tatlong resulta para makumpirma ang iyong katayuan. Makikita sa ibaba ang chart na may pinakakaraniwang paliwanag tungkol sa mga resulta ng pagsusuri, pero maaari ring magkaroon ng mga kakaibang resulta ng pagsusuri.

PAKITANDAAN: ang chart na ito ay hindi para magbigay ng payong medikal. Kausapin ang provider mo ng pangangalagang pangkalusugan para sa kumpletong paliwanag at kumuha ng naka-print na kopya ng resulta ng iyong pagsusuri.

HBsAg Hepatitis B Surface Antigen Test	**anti-HBs** (HBsAb) Hepatitis B Surface Antibody Test	**anti-HBc** (HBcAb) Hepatitis B Core Antibody Test	**Ano ang ibig sabihin ng mga resulta**	**ANO ANG KAILANGAN MONG GAWIN**
−	−	−	**Hindi ka immune/hindi protektado** • Hindi ka nahawahan noon at ngayon • Nanganganib kang mahawahan ng hepatitis B.	**Kailangan ng bakuna**
−	+	−	**Immune/protektado ka** • Hindi ka nahawahan. • Immune ka dahil sa pagpapabakuna para sa hepatitis B.	**Hindi kailangan ng bakuna**
−	+	+	**Immune ka dahil sa natural na pagkawaha** • Gumaling ka noong nahawahan ka dati ng hepatitis B. • Hindi ka makakahawa sa iba.	**Hindi kailangan ng bakuna** • Ipaalam sa lahat ng iyong doktor ang resulta ng pagpapasuri mo sa hepatitis B. • Kausapin ang iyong doktor bago gumamit ng gamot na pampahina ng immune system dahil maaari itong makadagdag sa panganib na magkaroon ulit ng hepatitis B.
+	−	+	**Nahawahan ka** • Nasa dugo mo ang hepatitis B virus. • Maaari mong maipasa sa iba ang hepatitis B virus.	**Kailangan mo nang higit pang pagsusuri** • Maghanap ng doktor para magpatingin at magpasuri pa. • Ipaalam sa lahat ng iyong doktor ang resulta ng pagpapasuri mo sa hepatitis B. • Tiyakin na magpapasuri at magpapabakuna ang iyong kapareha at ang mga taong kasama mo sa bahay.
−	−	+	**Maaaring nahawahan ka** • Hindi malinaw ang resulta—posibleng nahawahan ng hepatitis B noon o ngayon.	**Kailangan mo nang higit pang pagsusuri** • Maghanap ng doktor para magpatingin at magpasuri pa. • Ipaalam sa lahat ng iyong doktor ang resulta ng pagpapasuri mo sa hepatitis B. • Kausapin ang iyong doktor bago uminom ng gamot na pampahina ng immune system dahil maaari itong makadagdag sa panganib na magkaroon ulit ng hepatitis B. • Tiyakin na magpapasuri at magpapabakuna ang iyong kapareha at ang mga taong kasama mo sa bahay.

HepBHub
doh.wa.gov/hepbhub

Washington State Department of Health

**Hindi angkop ang impormasyong nasa talahanayang ito sa mga taong maaaring may acute hepatitis B (o ngayon pa lang nahawahan ng hepatitis B).*

DOH 420-434 October 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

Pinagmulan: Hepatitis B Foundation https://www.hepb.org